PAGBATI

Mapitagang bati po sa lahat higit sa mga batang magsisipagtapos Taong Panuruan 2017-2018 sa ilalim ng temang "***Mag-aaral ng K to 12 Handa sa Hamon ng Buhay.***"

Matapos po ang ilang panahon ng batikos at papuri sa ating ipinatutupad na kurikulum, narito po tayo ngayon upang saksihan ang ating inisyal na tagumpay sa K to 12, ang araw ng pagtatapos ng kauna-unahang grupo ng Grade 12 ng nasabing programa. Maraming salamat po sa inyo sa pagtangkilik at pagsama sa amin sa adhikaing maisulong ang mas mataas na antas at pagbabago sa sistema ng ating edukasyon. Tuloy lamang po tayo Para sa Bata at sa Bayan.

Mataas po ang aking paniniwala na handang-handa ang ating mga magsisipagtapos sa hamon ng buhay at hamon ng pag-aaral dahil batid ko na taglay ng bawat isa sa kanila ang wastong kaasalan, sapat na kakayahan at tapat na kaalaman na ibinahagi ng kanilang Inang Paaralan.

Kaya sa puntong ito po ay marapat lamang na ipahayag ninyo mga gradweyt ang mga pasasalamat sa inyong mga magulang, sa pamunuan at mga guro ng paaralan, sa mga taong tumulong sa inyo at sa ating Panginoon dahil sinamahan nila kayo sa inyong paglalakbay tungo sa tagumpay na ipinagdiriwang natin ngayon.

Sa huli, ang aking taos pusong pasasalamat naman sa inyong lahat sa suporta upang maibigay namin ang "Edukasyong Tapat at Sapat Para sa Lahat".

Maligayang Pagtatapos, **MABUHAY**!

DR. ROMMEL C. BAUTISTA, CESO V
Pansangay na Tagapamanihala